

# MAKING ENDS MEET (PINAGKAKASIYA ANG KINIKITA):

Trabahong Mababa ang Suweldo, Kahirapan, at Mga Komunidad sa Vancouver na nasa Mabuting Kalusugan

## Ano ang Making Ends Meet?

Ang Making Ends Meet (<https://firstcallbc.org/what-we-do/research/making-ends-meet/>) ay isang peer-led participatory action research project na ang layunin ay ang mangolekta ng data tungkol sa mga karanasan ng mga magulang sa Vancouver na masigasig na nagtrabaho para suportahan ang kanilang mga pamilya pero naghihirap pa rin dahil sa mga mababang suweldo at/o dahil tagilid sila sa trabaho. Ang aming layunin ay ang pakinggan ang kanilang mga tinig, alamin kung ano ang kanilang mga paghahamon bawat araw, at ialok ang kanilang mga rekomendasyon para sa pagbabago.

## Mga mahalagang bagay na natuklasan

Na-identify ng Making Ends Meet research ang child care deficits, napakamahal na pamamahay, at 'di sapat na kita bilang mga pangunahing isyu kung bakit ang mga pamilya sa Vancouver na may mababang suweldo at nagsisikap sa trabaho ay naghihirap pa rin.



**Walang abot-kayang child care:** Kahit pinagsikapan ng pamahalaan na pahasayin ang access sa child care para sa mga pamilya sa BC, ang kawalan ng abot-kayang child care para sa 0-12 táong-gulang ang siya pa ring pinakamalaking hadlang sa financial stability ng maraming mga pamilya sa Vancouver. Kapag ang child care ay hindi available o hindi abot-kaya, hindi mapapagkasiya ng mga magulang ang kanilang kinikita.



**Pamamahay:** Ang sobrang pagtaas ng gastos ng pamamahay sa Vancouver ay malaking hadlang sa financial stability. Kahit na may multiple jobs o maraming trabaho ang mga magulang, ginagastos pa rin nila ang halos lahat ng kanilang kinikita sa renta; kaunting pera na lamang ang natitira para sa child care, tumataas na gastos sa pagkain, at iba pang basics. Ang krisis sa pamamahay sa Vancouver ay ang tuwirang dahilan kung bakit naghihirap ang mga masisipag na magulang at ang kanilang mga anak.



**Hindi sapat na kita:** Ang 'Hindi sapat na kita' ay tumutukoy sa iba't-ibang paghahamon: mababang suweldo, walang benefits, at systemic failures na magsisigurado na ang mga bata sa single parent homes ay tumatanggap ng child support.

## Mga rekomendasyon para sa pagbabago

Ang mga rekomendasyon para sa mga proyekto ay dinibelop ng aming peer research team at ng mga kalahok na nagbahagi ng kanilang mga kuwento. Tinanong namin ang mga magulang kung paano magagawang mas mabuti ang buhay para sa kanilang mga pamilya, at kung anong mga pagbabago ang magagawa para magkaroon ng mas mabuting kalusugan at mas mabuting pinansyal na kondisyon ang mga tao at mga komunidad. Ang mga rekomendasyon na ito ay nakalista sa final pages (link) ng report at sila'y nagbibigay-diin sa pamamahay, child care, edukasyon, at iba pang mga suporta.

## Ito ang ilang mga mahalagang rekomendasyon mula sa mga kalahok ng Making Ends Meet:

- mga makakatulong na rent control;
- ligtas at naaangkop na pamamahay para sa mga pamilyang mababa ang kinikita;
- abot-kayang child care, at "before and after school care spaces" para sa lahat ng mga bata sa Vancouver;
- pinalawak na student grants, student loans, at loan forgiveness para sa mga magulang na naghihirap;
- karagdagang food security programs na pinopondohan ng pamahalaan, kabilang na ang direct payments;
- pag-aseso ng pamahalaan at koleksyon ng child support para sa mga bata sa single parent homes;
- full funding para sa lahat ng mga reseta ng gamot at medical equipment para sa mga bata;
- pagdagdag sa social assistance at disability rates para masakop ng payments bawat buwan ang basic needs.